**OPISINA NG BISE TSANSELOR PARA SA GAWAING PANGKOMUNIDAD**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS DILIMAN
Quezon Hall, Diliman, Lungsod ng Quezon
Telepono: (632) 8928 2947; 8981 8500 local 8600, 8601
*e-mail :* ovcca.updiliman@up.edu.ph

27 November 2025

Memorandum No. JFA – 25 – 33

Para Sa : Mga Dekano, Direktor, Kalihim ng Kolehiyo, Pinuno ng Yunit, Guro at Kawani, Tagapangulo ng Sangguniang Mag-aaral, Pinuno ng mga Samahang Mag-aaral

Paksa : **Paligsahan at Parada ng Parol 2025**

---

Muling isasagawa ng UP Diliman ang tradisyunal na **Paligsahan at Parada ng mga Parol sa Disyembre 17, 2025 (Miyerkules)**, simula ika-4:00 ng hapon hanggang ika-9:00 ng gabi. Ang pagtitipon ay magsisimula ng 3:00 ng hapon. Ipaparada ang mga parol sa *Academic Oval* at hahantong ang programa sa *Quezon Hall Ampitheater*. Dadalhin ng Parada ng mga Parol ang kabuuang tema ng *Year-End Program* na **"Abé-Abé/Kaisa"**.

Para sa inyong gabay, kalakip ang *Alituntunin sa Paligsahan at Parada ng mga Parol 2025,* paalala sa pagtatanghal, ang daloy at hanay ng parada. Para sa pagkumpirma ng inyong pagsali, at upang maisama sa kabuuang script ang paglalarawan ng inyong parol, **pakisumite ang inyong google drive link** kung saan makikita ang pagsasalarawan ng parol at musika na gagamitin ng inyong yunit **hanggang Disyembre 05, 2025, 5:00 n.h.** sa: https://forms.gle/mJ3ToEyJNJkziGuT7

Para sa maayos na sistema ng koordinasyon ng parada, hinihikayat ang bawat kalahok na magtalaga ng marshall/s sa bawat akademikong yunit. Magkakaroon ng **pagpupulong ang mga naitalagang pinunong Marshalls sa Disyembre 4, 2025 (Huwebes), 10:00 ng umaga, sa Alcantara Hall, 3rdF ng SUB**, upang talakayin ang mga tungkulin at iba pang mga detalye ng parada.

Para sa mga paglilinaw o katanungan, maaaring mag email sa lanternparade.upd@up.edu.ph o makipag-ugnayan kay Hazel Desierto o Limwelle Lectura sa Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad, telepono bilang 89818600.

Maraming salamat.

**JERWIN F. AGPAOA**
Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad

**Paligsahan at Parada ng mga Parol 2025**

Muling isasagawa ng UP Diliman ang tradisyonal na Paligsahan at Parada ng mga Parol. Ito ay gaganapin sa ika-17 ng Disyembre 2025, 4:00 n.h. (pagtitipon ng 3:00 n.h.) sa Academic Oval at magtatapos sa Quezon Hall Amphitheater. Mga akademikong yunit lamang ng Unibersidad ang kalahok sa paligsahan bagaman maaaring gumawa at magparada ng parol ang anumang yunit o organisasyon sa Unibersidad.

## Tema at Konsepto (Abé-Abé/Kaisa)

Sa pagtatapos ng taon, pagninilayan natin ang ating mga kuwento ng pag-asa, pananalig, at respeto sa diwa ng pagiging inklusibo. Sa ating unibersidad, maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pamumuhay nang sama-sama na may respeto sa pananalig at paniniwala ng isa't isa at sa pagtutol sa anumang anyo ng diskriminasyon, lalo na sa kababaihan at mga kasapi ng LGBTQ+. Mahalaga sa pagsasabuhay ng dangal at husay ang pagsusulong ng pagkaingklusibo at pagpapalitaw sa boses ng lahat, at pakikisama at pakikisalamuha sa mga tao anuman ang kaligirang politikal, ngunit kapareho nating nananalig at pinagtatanggol ang mga prosesong demokratiko.

Sa ating paglipat tungo sa tunay na pakikipag-isa sa 2026, ipinagdiriwang din natin ang ating mga pagsisikap na ipunan ang mga siwang at humanap ng mga pamamaraan upang pasiglahin ang ating diwa sa gitna ng daigdig na magulo, walang-katiyakan, masalimuot, di-makatarungan, at nakalilito. Malaon nang naging sisidlan ng ingklusibong paggawa ang UP Diliman, na nagpapamalas na sa ating pagsisikap na pangatawanan ang Abé-Abé, wala ni isang maiiwan sa ating pagharap sa ng mga panganib na dulot ng mga panloob na tunggalian at iba't ibang krisis pandaigdig.

## Mga Tahas at Gabay

Kinakailangang maipakita sa pamamagitan ng paglikha ng parol ang interpretasyon ng temang "Abé-Abé/Kaisa." Binibigyang-diin nito ang paggamit ng samu't saring mga ritmo at obra na nakabatay sa tema ng programa, na lalo pang pinatitingkad ng malikhaing paggamit ng ilaw sa mga parol. Ang takdang sukat ng parol ay hindi dapat lumagpas sa 12 x 12 x 12 talampakan.

Isang parol bawat akademikong yunit lamang ang maaaring isali sa paligsahan. Hinihikayat ang cost-efficient na paraan ng paggawa, paggamit ng ni-recycle na materyales bilang paggalang sa kalikasan, pagiging eco-friendly, at pagpapatupad ng mga alternatibo o kahaliling pamamaraan ng pagpresenta ng parol. Mungkahing mai-display na ang mga parol sa mga gusali ng mga akademikong yunit, o sa Quezon Hall Amphitheater para sa mga parol ng College of Fine Arts, ilang araw bago ang parada.

Bubuuin ng limang (5) miyembro ang lupon ng inampalan na pipili ng mananalo sa paligsahan. Iaanunsyo ang mga nagwagi sa pagtatapos ng programa.

## Mga Batayan sa Pagpili sa Magwawaging Parol

| | |
|---|---|
| Pagsunod sa tema | 20% |
| Malikhaing pagsanib ng kultura at kaligiran | 20% |
| Biswal na epekto at katuturan | 30% |
| Kapakinabangan ng pagiging eco-friendly | 15% |
| Paggamit ng alternatibong enerhiya | 15% |

**Mga Paalala sa Paglalarawan ng Parol at Pagtatanghal**

1. May kabuuang 2.2 kilometro ang kahabaan ng Academic Oval.

2. Magsumite ng kasagutan sa pagkumpirma ng pagsali bago ang ika-5 ng Disyembre 2024, 5:00 n.h. Isumite rin ang pagsasalarawan ng inyong parol sa hindi hihigit sa 150 salita (double-spaced, 14-point font ang gamit sa pagsulat) at ang musika para sa inyong pagtatanghal bago ang ika-16 ng Disyembre 2024 (Martes), 5:00 n.h. I-upload sa https://forms.gle/mJ3ToEyJNJkziGuT7 ang inyong Google link kung saan makikita ang pagkumpirma ng pagsali, pagsasalarawan ng parol, at musika.

3. Para maisama sa kabuuang script ang inyong paglalarawan, pakisumite ito at ang musikang gagamitin ng inyong yunit (kung mayroon man) hanggang sa oras at petsa na nabanggit sa itaas. Ang magpapasa ng lampas sa deadline ay maaaring hindi na maisama sa babasahin at matanggal sa kaayusan ng tugtugin ng mga tagapagpadaloy ng programa.

4. Babasahin ng tagapagpadaloy ng programa ang deskripsyon habang pumapasok sa entablado ang parol at mga delegado ng yunit. Maaaring i-edit ng Komite sa Programa ang isinumiteng deskripsyon upang gawin itong mas angkop sa programa. Isumite rin ang inyong listahan ng mga teknikal na pangangailangan (kung mayroon man).

5. Hindi na magkakaroon ng mga pagtatanghal sa harapan ng Palma Hall at Melchor Hall upang hindi gabihin nang husto ang parada ngunit mayroong nakalaang mga widescreen sa palibot ng Academic Oval para mapanood ang mga pagtatanghal sa Quezon Hall Amphitheater. Bibigyan ng **isang (1) minuto** para sa introduksyon at pagpasok sa tanghalan, **dalawang (2) minuto** para sa inihandang pagtatanghal ng yunit, at **isang (1) minuto** sa paglabas sa Amphitheater. Mahigpit na ipatutupad ang mga alituntuning ito upang matiyak na matatapos sa takdang oras ang programa. Hinihiling ang pang-unawa ng lahat.

**Mga Premyo**

Gagawaran ang mga mananalo sa patimpalak sa ika-17 ng Disyembre 2025. Ang mga tatanggaping premyo ay ang mga sumusunod:

| Gantimpala | Akademikong Yunit | College of Fine Arts |
|---|---|---|
| Una | PHP 50,000.00 | PHP 50,000.00 |
| Ikalawa | PHP 30,000.00 | PHP 30,000.00 |
| Ikatlo | PHP 20,000.00 | PHP 20,000.00 |
| Kapuri-puring banggit | PHP 10,000.00 | PHP 10,000.00 |
| Kapuri-puring banggit | PHP 10,000.00 | — |

Para sa mga paglilinaw o katanungan, maaaring mag-email sa lanternparade.upd@up.edu.ph o makipag-ugnayan kay Hazel Desierto sa Opisina ng Bise Tsanselor para sa Gawaing Pangkomunidad sa telepono bilang 89818600 o 89818601.

**Mga Mahahalagang Detalye**

| | |
|---|---|
| Tema | Abé-Abé/Kaisa |
| Oras at lugar ng pagtitipon | 3:00 n.h., University Avenue, harap ng Quezon Hall |
| Simula ng parada | 4:00 n.h. |
| Daloy ng parada | Counterclockwise paikot sa Academic Oval hanggang Quezon Hall Amphitheater |

**Mga Hanay sa Parada**

| Pangkat A | Pangkat B | Pangkat C |
|---|---|---|
| • UP ROTC Symphonic Band<br>• UP System Officials<br>• UP Diliman Officials<br>• UP System Administrative Offices<br>  ○ OVPAA Cluster<br>  ○ OVPPF Cluster<br>  ○ OVPA Cluster<br>  ○ OVPPA Cluster<br>  ○ OVPLA Cluster<br>  ○ OSU<br>• UP Diliman Administrative Offices<br>  ○ OC Cluster<br>  ○ OVCAA Cluster<br>  ○ OVCA Cluster<br>  ○ OVCPD Cluster<br>  ○ OVCRD Cluster<br>  ○ OVCSA Cluster<br>  ○ OVCCA Cluster | • College of Education<br>• National College of Public Administration and Governance<br>• College of Architecture<br>• UP Diliman Extension Programs in Pampanga and Olongapo<br>• College of Law<br>• School of Labor and Industrial Relations<br>• College of Music<br>• School of Statistics<br>• College of Media and Communication<br>• College of Human Kinetics<br>• Cesar E. A. Virata School of Business<br>• School of Archaeology<br>• College of Social Sciences and Philosophy<br>• School of Urban and Regional Planning<br>• School of Library and Information Studies<br>• College of Home Economics<br>• Institute of Islamic Studies<br>• College of Social Work and Community Development<br>• Asian Institute of Tourism<br>• College of Arts and Letters<br>• College of Science<br>• School of Economics<br>• College of Engineering<br>  ○ National Center for Transportation Studies | College of Fine Arts |

| | | |
|---|---|---|
| | ◦ National Engineering Center<br>• Asian Center<br>• Other UP CUs<br>• USC/Student Organizations<br>• All UP Academic Employees Union<br>• All UP Workers Union<br>• Barangay UP Campus | |

**Mga Iba Pang Mahahalagang Alituntunin***

1. Pagkatapos ng parada, ang bawat parol ay kinakailangang ilagak sa yunit na gumawa nito. Hindi ito maaaring galawin ng kahit sino, lalo na ng mga mag-aaral, kung walang **pormal at dokumentadong pahintulot** ang dekano, direktor, o pinuno ng nasabing yunit. Kung sakaling magpasya ang yunit na patuloy itong i-display sa harap ng kanilang gusali, mga qualified staff member lamang ang maaaring magsagawa nito at pangangasiwaan ito ng dekano, direktor, o pinuno ng yunit o ng kanilang mga kinatawan.

2. Hindi pinahihintulutan ang paglipat ng parol sa ibang lugar (mula sa kung saan ito inilagak pagkatapos ng parada), maliban na lamang kung ito ay mayroong **pormal at dokumentadong pahintulot** ng dekano, direktor, o pinuno ng yunit. Kung sakaling payagan ito, hindi maaaring makilahok sa paglipat, pagbuo, o pagpapailaw nito ang kahit sinong mag-aaaral. Tanging mga qualified staff member lamang ang maaaring gumawa nito sa pangangasiwa ng ng dekano, direktor, o pinuno ng yunit o ng kanilang mga kinatawan.

3. Sa lahat ng mga araw o panahon ng paggawa ng parol, **kinakailangang magtalaga ang dekano, direktor, o pinuno ng yunit ng mga qualified staff member na gagabay at mangangasiwa sa pagbuo ng parol.** Kinakailangan ding bumuo ng bawat yunit ng mga tiyak o espesipikong alituntunin patungkol sa lugar, oras, at iba pang detalye sa paggawa ng parol.

4. Base sa mga alituntuning inilabas ng College of Fine Arts, iminumungkahi ang paggamit ng mga sumusunod na mas ligtas na power sources:

    - LiFePO4 Battery12V for Solar, 640Wh, BMS (100A) with Voltage Display Series Connectible; Grade A cells 10000+ CycleLife, Lithium iron phosphate
    - FlashFish P66 High-Capacity Portable Power Station 300W 230.88Wh Solar Energy Storage Power Supply 62000mAh Emergency Power Supply for Outdoor Camping

5. Sa mga susunod na araw, maglalabas ng mga anunsiyo ang OVCCA at OVCSA upang ipaalam sa publiko ang iba pang paghahandang ginagawa para sa Parada ng mga Parol. Kasama na rito ang protocol na susundin sa mga hindi inaasahang pagkakataon. Patuloy ding makikipag-ugnayan ang dalawang tanggapan sa mga yunit ng Unibersidad para sa mga karagdagang detalyeng kailangang maipaabot.

**Ang ilan sa mga ito (partikular na ang Bilang 1, 2, at 4) ay base o hango sa mga patakarang binuo ng College of Fine Arts.*